

Kagawaran ng Edukasyon

Araling Panlipunan 7

**Mga Kontribusyon ng mga Sinaunang
Lipunan at Komunidad sa Asya
Ikalawang Markahan – Ikawalong Linggo**



Marilyn C. Andresio
Manunulat

Ma. Martha R. Ullero
Tagasuri

Marlyn B. Latina at Felipa R. Dawa
Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga mahahalagang pamana o kontribusyon ng iba't ibang Asyano sa daigdig. Nais mo bang mabatid kung ano ang mahahalagang kontribusyon ng bawat imperyo sa kasaysayan at sibilisasyon? Ito ba ang nagkaroon ng malaking bahagi sa kanilang pamumuhay at nakatulong ba sa pag-usbong ng sibilisasyon?

Ang Asya ay tahanan ng mga kauna-unahang kabihasnang umusbong sa daigdig at nag-iwan ng mahahalagang kontribusyon o pamana sa lahat.

Matapos mong mapag-aralan ang mga ginagampanan ng mga sinaunang kababaihan sa pagtataguyod at pagpapanatili ng mga pagpapahalagang Asyano. Tara Na! At ating basahin at unawain ang mga napapaloob dito.

Mga Aralin at Sakop ng Modyul:

Mga Kontribusyon ng mga Sinaunang Lipunan at Komunidad sa Asya

1. Kontribusyon ng Sinaunang Kabihasnang sa Kanlurang Asya
2. Kontribusyon ng Sinaunang Kabihasnang sa Silangan at Hilagang Asya
3. Kontribusyon ng Sinaunang Kabihasnang sa Timog Asya

AP7 Q2 W8 MELC: Napapahalagahan ang mga kontribusyon ng mga sinaunang lipunan at komunidad sa Asya. (AP7KSA-IIh-1.12)

Pagkatapos ng pagsagot sa modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Nalalaman ang mga kontribusyon ng mga sinaunang lipunan at komunidad sa Asya.
2. Naisa-isa ang mga kontribusyon ng mga sinaunang lipunan at komunidad sa Asya.
3. Nakakapagbigay ng sariling salobin tungkol sa sinaunang lipunan at komunidad sa Asya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong.



UNANG PAGESUBOK

Panuto: Basahing at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang wastong sagot mula sa mga pagpipilian. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang Katipunan ng Batas ni Hammurabi ay pinakamahalagang ambag ng mga sinaunang tao sa kabihasnang. Ilang batas ang nakapaloob dito?

- A. 280 B. 281 C. 282 D. 283

2. Ano ang pinakamahalagang kontribusyon ng Sumerian sa kabihasnang pan daigdig?

- A. Sistema ng pagsulat na tinawag na cuneiform
B. Ang pagkatuklas ng pottery wheel
C. Mga seda at porcelana
D. Pagkakatuklas ng paggamit ng decimal system

3. Siya ang nagpagawa ng Hanging Gardens of Babylon at ito ay para sa kaniyang asawang si Amytis.
 A. Nebuchadnezzar B. Marco Polo C. Henry Rawlinson D. Yang Jian
4. Ito ay binubuo ng isang daang libong taludtod at naglalaman ng mga kaisipang Hindu.
 A. Vedas B. Rig Veda C. Ramayana D. Mahabharata
5. Ito ay itinuturing na kauna-unahang akdang pampanitikan sa daigdig ng mga Sumerian.
 A. Rig Veda B. Ramayana C. Panchatantra D. Epic of Gilgamesh
6. Ang tawag sa pagsamba sa nag-iisang Diyos.
 A. Polytheism B. Monotheism C. Atheist D. Animism
7. Ang tawag sa paraan ng pagsulat na ginamitan ng stylus at clay o luwad na lapida.
 A. Cuneiform B. Epic of Gilgamesh C. Haiku D. Vedas
8. Ito ay pinangalanang etemenanki at itinuring na Tore ni Babel sa Bibliya.
 A. Ziggurat B. Great Wall of China C. Grand Canal D. Behistun Rock
9. Ang tawag sa paraan ng pagtusok ng mga pino at matutulis na karayom sa balat sa mga partikular na bahagi ng katawan upang mapagaling o maibsan ang sakit at gumaling sa karamdaman. Kinikilala ngayon ito bilang sistemang pangagamot.
 A. Acupuncture B. Faith Healer C. Herbal Medicine D. Injection
10. Anong dinastiya nakilala ang silkroad na nagsilbing rutang pangkalakalan noon para sa mga produktong seda at porselana ng mga Tsino na naging dahilan upang makilala ang kanilang mga produkto maging sa malayong kanluran?
 A. Han B. Sung C. Tang D. Yuan
- II. Pagtambalin ang hanay A sa hanay B batay sa ambag ng imperyo. Isulat ang tamang letra ng sagot sa patlang.

- | A | B |
|----------------|------------------------|
| 11. Assyrian | a. Zodiac Sign |
| 12. Phoenician | b. Great Wall of China |
| 13. Chin | c. Alpabeto |
| 14. Persian | d. Serbisyong Postal |
| 15. Chaldean | e. Satrapy |



BALIK-TANAW

Ating tuklasin at alamin ang mga kasagutan. Handa ka na ba? Simulan na natin.

Gawain 1: Word Idea

Panuto: Maglagay ng mahalagang ideya o konsepto ng mga sumusunod na salita na nasa loob ng oval callout.



Gabay na tanong:


*Mahalaga ba ang papel na ginagampanan ng isang kababaihang Asyano?
Bakit?



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Gawain 2: Concept Diagram

Panuto: Gamit ang dayagram, punan ng ang mga salita o konsepto na may kaugnayan tungkol sa salitang Kontribusyon. Sagutan ang mga gabay na tanong na nasa ibaba.



Gabay na Tanong

*Paano mo masasabi, na ang isang bagay ay isang kontribusyon o pamana ng lahi?

MGA KONTRIBUSYON NG SINAUNANG LIPUNAN AT KOMUNIDAD SA ASYA

Mga Kontribusyon ng Imperyo sa Kanlurang Asya

1. Sumerian (3500 BCE)

- ❖ **Cuneiform** - na ang ibig sabihin ay **hugis sinsel o wedge-shaped**. Ang paraan ng pagsulat na ginamitan ng stylus at clay o luwad na lapida. Isa itong uri ng pictograph na naglalarawan ng mga bagay na ginagamitan ng may 600 pananda sa pagbuo ng mga salita o ideya.
- ❖ **Gulong** - sa pagkakatuklas nito, nagawa nila ang unang karwahe.
- ❖ Sistema ng panukat ng timbang at haba - ang Sumerian ang unang gumamit nito.
- ❖ Organisadong puwersa sa pagpapatayo ng dike - sila ang unang nagtatag nito.
- ❖ **Behistun Rock** - natuklasan ni **Henry Rawlinson** noong 1847. Ito ang nagbigay daan upang mabasa ng mga syentista ang mga luwad nasusulat sa mga naiwang luwad na lapida ng mga taga Mesopotamia.
- ❖ Water Clock, kalendaryong may 12 buwan na nakabatay sa siklo ng buwan.
- ❖ **Sistemang Sexagesimal** - Pagbibilang batay sa numerong 60.
- ❖ Nagbunsod sa sistematikong paghahati ng oras at ng bilog.
- ❖ Astrology, kabilang na paggamit ng 12 zodiac sign upang iugnay sa buhay at kapalaran ng isang tao o horoscope.
- ❖ Cartography - paggawa ng mga kauna-unahang mapa.
- ❖ **Epic of Gilgamesh** - itinuturing na kauna-unahang akdang pampanitikan sa daigdig. Nilalaman nito ang ang kanyang mga kahanga-hangang nagawa at

pakikipagsapalaran sa kaniyang pagnanais na makamtan ang walang katapusang buhay o immortality.

2. Akkadian (Circa 2700-2230 BCE)

❖ **Haring Sargon** - ang nagtatag ng lungsod-estado para magkaisa ang mamamayan.

❖ Pinaunlad ang sistema ng pagsusulat.

-Maraming literatura ang naisalin at umusbong sa imperyong ito.

3. Babylonian (Circa 1790-1595 BCE)

❖ **Katipunan ng mga Batas ni Hammurabi o Code of Hammurabi** - ay isa sa pinakamahalagang ambag ng mga sinaunang tao sa kabihasan. Ito ay binubuo ng **282 batas** na nagsisilbing pamantayan ng Kabihasnang Babylonian. Sakop ng Kodigong ito ang mga itinuturing na paglabag sa karapatan ng mamamayan at ari-arian nito. Ito ay kalipunan ng mga batas na naniniwala sa prinsipyo ng **“mata sa mata, ngipin sa ngipin”**.

4. Assyrian (Circa 745-612 BCE)

❖ Lumakas ang puwersa at istrategiya ng Assyrian gamit ang dahas at bakal

❖ Pinakaunang pangkat ng tao na nakabuo ng epektibong sistema ng pamumuno sa imperyo.

❖ Epektibong serbisyo postal . Maayos at magandang kalsada.

5. Chaldean (612-539 BCE)

❖ **Hanging Gardens of Babylon**- umabot ito sa **75 na talampakan** ang taas, pinagawa ni **Nebuchadnezzar** para sa kaniyang asawang si **Amytis**.

❖ Konsepto ng zodiac at horoscope .

❖ **Ziggurat** - umabot sa halos **300 talampakan ang taas**, pinangalanang etemenanki at itinuring na Tore ni Babel sa Bibliya. Nagsisilbing tahanan at templo ng patron ng isang lungsod.

6. Lydian (680-547 BCE)

❖ **Barter** - sistema ng kalakalan sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga produkto sa ibang estado at bansa. Naging madali ang pakikipagkalakalan nang matuto ang mga tao sa paggamit ng barya.

7. Phoenician (Circa 1200-800 BCE)

❖ Nagsimula rito ang **konsepto ng kolonya**. Ang mga kolonya noon ay istasyon o bagsakan ng mga kalakal hindi kolonyang politikal.

❖ Ang alpabeto, na naging batayan ng kasalukuyang alpabeto.

❖ Paggawa ng mga naglalakihang sasakyang pandagat na tinatawag na barko sa kasalukuyan.

❖ Sila ay tinaguriang **“Tagapagdala ng Kabihasan”** dahil hindi lamang ang mga produkto ang kanilang naibahagi kundi ang pamumuhay din ng mga tao sa kanilang mga lugar na napuntahan.

8. Hebreo (Circa 1000-722 BCE)

❖ **Bibliya** - ang naging pundasyon ng pananampalatayang Judaism at Kristyanismo.

❖ **Monotheism** - ang pagsamba sa nag-iisang Diyos. Dito ipinagbawal ang pagsamba at pag-aalay ng mga sakripisyo sa mga diyos-diyosan na naging batayan ng maraming batas sa kasalukuyan.

9. Hittite (Circa 1600-12BCE)

❖ Pagmimina ng iron core - pinakamahalaga sa mga imbensyon.

❖ Paggawa ng iba't ibang kagamitang bakal, dahil dito naging madali at mabilis sa kanila ang pananakop ng iba't ibang imperyo.

10. Persian (Circa 550-350 BCE)

❖ Nagpagawa ng isang mahabang kalsada na nagdugtong sa mga lungsod ng Persia mula Susa hanggang Ephesus sa Asia Minor na umabot sa 2,400km.

❖ Gumamit ng pilak at gintong barya sa pakikipagkalakalan.

- ❖ Nagdagdag ng mga satrarchy sa imperyo na siyang namumuno sa lalawigan at nagsilbi bilang tainga at mata ng hari.
- ❖ Ang pagkakaroon ng mga **satrarchy** ng Persia ang naglinang sa konsepto ng sentralisadong pamahalaan.
- ❖ Nagpatayo ng mga magagarang palasyo at gusali tulad ng Persepolis.
- ❖ Nabigyang diin ng karapatan ng tao maging sa mga lupaing sinakop.

Mga Kontribusyon ng Imperyo sa Silangang at Hilagang Asya

1. Zhou o Chou (1112-221 BCE)

- ❖ Naimbento ang sandatang **crossbow** at bumuo ng hukbong nakakabayo at gumamit ng chariot.
- ❖ Naimbento ang bakal na araro. Ipinagawa ang mga irigasyon at dike laban sa pagbaha ng Huang Ho.
- ❖ Nagpagawa ng kalsada at sumulong ang kalakalan. Lumitaw ang pilosopiyang **Confucianism at Taoism.**

2. Qin o Ch'in (221-206 BCE)

- ❖ Pilosopiyang **Legalism.** Kailangang malulupit ang batas at mabibigat ang parusa upang maabot ang kaayusan, ayon sa Legalism.
- ❖ Pagpapatayo ni **Shi Huang Ti** o **Shi Huangdi** ng **Great Wall of China** bilang proteksyon sa pag atake ng mga kalaban.

3. Han (206 BCE-220 CE)

- ❖ Pilosopiyang **Confucianism** ang naging opisyal na pilosopiya nila.
- ❖ Napatanyag ang **silk road**, isang ruta ng kalakalan.
- ❖ Naimbento ang papel, porselana at water-powdered mill.
- ❖ Nagkaroon ng pagtatala ukol sa mga bituin, mga planeta, kometas, sunspot at eclipse na nagtataglay diumano ng mga mensahe mula sa kalangitan.
- ❖ **Magnetic Compass** - ay ginamit ng mga Tsino ang sandok na yari sa lodestone at tumuturo ito sa oryentasyong timog-hilaga. Mas napadali ang pamumuhay ng mga tao dahil ito ang nagsisilbing direksyon papunta sa susunod na bayan o kung hindi mo alam ang daan patungo sa iyong lalakbayin at tutunguhan kung ikaw ay naliligaw.
- ❖ **Seismograph** -instrumentong nakapagtatala ng lindol.
- ❖ **Acupuncture**-Ang tawag sa paraan ng pagtusok ng mga pino at matutulis na karayom sa balat sa mga partikular na bahagi ng katawan upang mapagaling o maibsan ang sakit at gumaling sa karamdaman. Kinikilala ngayon ito bilang sistemang panggagamot.

4. Sui (589-618 CE)

- ❖ Itinayo ang Grand Canal na itinatag ni **Yang Jian.**

5. Tang (618-907 CE)

- ❖ Naimbento ang **woodblock printing** na siyang nakapagpabilis ng paggawa ng mga kopya ng mga sulatin.

6. Sung (960-1278 CE)

- ❖ Naimbento ang gun powder.
- ❖ Nagsimula ang tradisyon ng footbinding sa mga babae.
- ❖ Lumitaw ang Neo-Confucianism na binuo ni Zhuxi.

7. Yuan (1278-1368 CE)

- ❖ Nagkaroon ng maraming manlalakbay sa Yuan at isa na doon si Marco Polo.

Kontribusyon ng Timog Asya

- ❖ **Vedas** - ay isang koleksiyon ng mga dalit pandigma, matalinong pahayag, mga kanta at kwento.
- ❖ **Rig-Veda** - ito ay naglalaman ng mahigpit sa isang libong mga dalit, mga panalangin at mga awitin.

- ❖ **Mahabharata** (The Great Story) - binubuo ng isang daang libong taludtod at naglalaman ng mga kaisipang Hindu. Ang Bhagavad Gita na matatagpuan sa Mahabharata ay itinuturing na pinakadakilang tulang pilosopikal sa daigdig.
- ❖ **Ramayana** (Rama's Way) - patungkol sa buhay ni Rama, kanyang asawang si Sita at kapatid na si Lakshmana.
- ❖ **Panchatantra**- ay isa ring akdang pampanitikan. Ito ay koleksiyon ng mga kuwentong Indian. Karamihan sa mga kuwentong ito ay pinangungunahan ng mga hayop bilang pangunahing tauhan.
- ❖ Takshashila- isang malaking pamantasan noong sinaunang kabihasnang Indian.
- ❖ **Ayurveda** - ay isa ring mahalagang konseptong panggagamot na pamana sa atin ng mga Indian.
- ❖ **Sanskrit** - iniwan ng mga Sinaunang Indian na pinagmulan ng maraming wikang Indo-European.

Mga Dinastiya sa Korea

1. Gojoseon o Lumang Joseon (2333-108 BCE)

Isa sa pinakamalakas ay ang Gojoseon na itinatag ni **Dangun**. Mula sa pagiging estadong pamayanan, ito ay naging kaharian.

2. Tatlong Kaharian (313-668 CE)

Hiniram nila ang sistema ang pamahalaan ng Han sa China, ang Buddhism, at ang tradisyon ng pagsusulat ng kasaysayan.

3. Goryeo o Koryo (918-1392 CE)

- ❖ Ang Goryeo ay itinatag ni **Wang Geon**. Ang pangalang Korea ay nagmula sa kahariang ito.
- ❖ Nakalikha ng sariling istilo ng porselana na tinatawag na **celadon**.

4. Joseon o Yi (1392-1910 C.E.)

- ❖ Ito ang pinakahuli at pinakamahabang dinastiya sa Korea. Itinatag ito ni Yi Seong-gye. Inilipat niya ang kabisera ng Hanseong (ngayon ay Seoul) Sa panahon ni Haring Sejong siya ay tinaguriang "Ang Da-kila" Kautusan ni Haring Sejong na bumuo ang mga iskolar ng alpabetong Korean - ang hangul o Hunmin.
- ❖ Mahalaga rin ang kontribusyon ni Admiral Yi Sunsin sa labanang dagat. Naimbento niya ang turtle ship. Ang lipunan ng Korea ay binubuo sa apat na uri: angyangban, chung-in, yangmin, at chonmin.

Mga Dinastiya sa Japan

Ang Liping Yamato at Nara

- ❖ Namayagpag sa pagsusulat ng tula, sining ng calligraphy at pananamit.
 - ❖ Naisulat sa panahong ito ang dakilang nobela na "**The Tale of Genji**" ni Murasaki Shikibu o Lady Murasaki.
 - ❖ Nabuo ang tradisyong militar na nakapaloob sa Bushido (alituntunin ng karangalan kung saan mahalaga ang katapatan, karangalan at katapangan).
- Pagkatapos ng heian ay sumunod ang bakufu o pamahalaang militar sa Japan.



Gawain 3: Hula Mo! Isagot Mo!

Panuto: Ayusin ang mga jumbled letter upang makabuo ng tamang konsepto ayon sa mga sumusunod na pangungusap.

- FORMIENUC** 1. Sistemang panunulat na ginamit ng mga Sumerian.
RATZIGGU 2. Nagsisilbing pook sambahan ng mga Sumerian.
MSIEHTYLOP 3. Ang tawag sa paniniwala sa iba't ibang Diyos ng mga Shang.
TOGRAPHPIC 4. Paraan ng mga mamamayan ng Indus na para maibahagi ang kanilang kwento sa iba.
MLUPBING STEMSY 5. Unang nagkaroon sa kasaysayan upang magkaroon ng maayos na sistema ng irigasyon.
DOOW LOBCK TINGPRIN 6. Isang teknolohiya upang maisaayos ang pagsusulit sa para sa civil service at mga teskto sa gobyerno ng Shang.
TICNEMAG PACOMSS 7. Binubuo ito sa platong yari sa bronse at hugis panturong na may katangiang magnetiko.
NGINAH DENARG of LONYABB 8. Kahanga-hangang tanawin na pinatayo ni Nebuchadnezzar para sa kanyang asawang si Amytis.
NOMOSMTHEI 9. Ang tawag sa pagsamba sa iisang Diyos.
PICE of GAMESHGIL 10. Ito ang pinakaunang pampanitikan sa daigdig.




- *Malaki ang naiambag ng mga Sinaunang Asyano sa pagpapayabong ng kabihasnang pandaigdig.
- *Ilan sa mahahalagang kaisipan, pilosopiya at relihiyon sa daigdig ay umusbong sa Asya.
- *Ang ilan sa mga bagay na likha ng mga Sinaunang Asyano ay ginagamit pa rin sa kasalukuyang panahon.
- *Ang pamana ng mga Asyano sa daigdig ay lubos na kahanga-hanga at nararapat ipagmalaki saanmang panig ng mundo.



Gawain 4: Indibidwal-Grapiko!

Panuto: Pumili ng limang Sinaunang Kabihasnang Dinastiya at punan ng tig-dalawang mahahalagang kontribusyon nito.



Gawain 5: Ambag ko sa New Normal!

*Bilang isang mag-aaral, Magtala ng tig-isang kontribusyon o ambag mo, upang hindi ka mahawaan o mapigilan ang pagdami ng nabibiktima ng Covid19 sa inyong lugar?

Pamilya

Barangay o
Komunidad

Binabati kita! Matagumpay mong nasagutan ang lahat ng gawain.



**PANG-WAKAS NA
PAGSUSULIT**

- I. Panuto: Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang pinapahayag sa pangungusap, salitang **MALI** kung hindi wasto ang pahayag ng pangugusap.
1. Ang paggawa ng iba't ibang kagamitang bakal ng Hittite ang naging dahilan upang mapabilis ang pananakop ng iba't ibang imperyo.
 2. Lumitaw ang pilosopiyang Confucianism at Taoism noong panahon ng dinastiyang Chin.
 3. Ayon sa paniniwala ng mga Han, ang pagkakaroon ng eclipse ay na nagtataglay diumano ng mga mensahe mula sa kalangitan.
 4. Ang Bibliya ang naging pundasyon ng pananampalatayang Judaism at Kristyanismo.
 5. Mahalaga ang kontribusyon ni Admiral Yi Sunsin sa labanang dagat. Dahil naimbento niya ang turtle ship.

II. Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

- | | |
|--------------|----------------------|
| A. Alpabeto | D. Code of Hammurabi |
| B. Bibliya | E. Hanging Garden |
| C. Cuneiform | F. Satrapy |
- ___ 6. Babylonia ___ 8. Persia ___ 10. Sumeria
___ 7. Hebreo ___ 9. Phoenicia

III. Analohiya. Basahin at unawaing mabuti ang bawat katanungan. Isulat ang letra ng tamang sagot.

11. Confucius: Confucianism: Lao Tzu: _____
A. Budismo B. Legasismo C. Sikhismo D. Taoismo
12. Dinastiyang Tang: Wood Block Printing: Dinastiyang Sui: _____
A. Forbidden City B. Grand Canal C. Great Wall D. Silk Road
13. Krisytanismo: Bibliya: Islam: _____
A. Koran B. Torah C. Vedas D. Zend Avesta
14. Kabihasnang Sumer: Cuneiform: Kabihasnang Indus: _____
A. Calligraphy B. Hydroglyphics C. Pictogram D. Sanskrit
15. Dinastiyang Chou: Crossbow, Han: _____
A. Araro B. Bakal C. Damit D. Papel

Sanggunian

A. Aklat

- Antonio, Eleanor D. & et al. Kayamanan II: Kasaysayan ng Asia. Worktexts sa Araling Panlipunan para sa Ikalawang Taon sa Sekundarya. Rex Bookstore Inc. Sampaloc Manila. 2005. pp.174-176, pp.197-200
- Grace Estela C Mateo Ph.D., et. al., Asya: Pag-Usbong ng Kabihasnang, Vibal Publishing House Quezon City, 2008, pp. 134-140, pp.258-266
- Rosemarie C. Blando, et al. Asya: Pagkakaiba sa Gitna ng Pagkakaiba,, Eduresources Publishing, Inc., DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City 2014, pp.137-139, pp.142-144, pp.148-150

B. Modyul

- Project EASE (Effective Alternative Secondary Education) Araling Panlipunan II, Modyul 3 Ang Mga Unang Kabihasnang, Bureau of Secondary Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City

C. Website

- pdfslide.net_k-to-12-grade-8-araling-panlipunan-learners-module-quarter-2-pdf
fdocument.pub_modyul-03-ang-mga-unang-kabihasnang-5584a94c47ce8.pdf
<https://tinyurl.com/y6etma5q>, <https://tinyurl.com/yxejc2yx>
<https://tinyurl.com/y4hbr8ve>

Susi sa Pagwasto: 1.C, 2.A, 3.A, 4.C, 5.D, 6.B, 7.A, 8.A, 9.A, 10.A, 11.D, 12.C, 13.B, 14.E, 15.A
Gawain 3: 1. Cuneiform, 2. Zigurat, 3. Polytheism, 4. Pictograph, 5. Plumbing System,
6. Wood Block Printing, 7. Magnetic Compass, 8. Hanging Garden of Babylon, 9. Monotheism
10. Epic of Gilgamesh
Pangwakas na Pagsususi: 1. Tama, 2. Mali, 3. Tama, 4. Tama, 5. Tama, 6. E, 7. B, 8. F, 9. A, 10. C, 11. D, 12. B, 13. A, 14. C, 15. D